

1

“Let me guess—”

“Shut up, Stephen! Gutom ako,” pigil ni Mandy sa sasabihin ng kaibigan.

Tahimik niyang nilantakan ang paborito niyang sushi. Sa pagkain niya ibinuhos ang pagkakabuwisit sa maghapong paghahanap ng trabaho.

Dalawang linggo na ang nakakalipas mula noong mag-resign siya sa trabaho at ngayon ang unang araw niya ng job hunting. Sa kasamaang palad, sakit lang ng paa ang napala niya. Sadyang mahirap maghanap ng trabaho kahit pa nga tapos naman siya sa kursong Education; lalo pa sa tulad niya na masyadong mapili. Kaso, hindi niya naisip kaagad iyon nang paganahin niya ang init ng ulo at makipagtalo sa aroganteng customer sa department store na pinasukan niya bilang cashier.

Para namang giliw na giliw siyang pinapanood ni Stephen habang kumakain siya. Nakapangalumbaba ito sa mesa habang nakaupo sa harapan niya.

“Wala bang bakante sa opisina n’yo kahit tagalinis ng kubeta?” usisa niya nang matapos siya sa pagkain.

Ngumiti ito. “Don’t give me that crap, girl! Alam ko namang hindi ka papatol sa ganoong klaseng trabaho.”

Sumandal siya sa upuan. “Nakakabagot, walang ginagawa, eh,” aniya.

“Mag-aaral ka kaya ulit? You’re still young. Kumuha ka ng licensure exam o kaya ng master’s degree. Mas madali kang mae-employ pag ganoon.”

“Nakakabuwisit ang pressure ng pagiging estudyante, ‘no! Isa pa, alam mo namang hindi ko naman talaga gustong mag-teacher.”

Ang totoo, hindi lang alam ni Mandy ang gusto niya sa buhay. Wala siyang specific na ambisyon. Basta gusto lang niyang magkamal ng maraming pera. Ngunit wala naman siyang konkretong plano kung paano gagawin iyon.

Tama nga siguro si Stephen. Bata pa siya at puro adventure at gimmick lamang ang naiisip. Walang iniintinding anumang responsibilidad o obligasyon.

Akbay-akbay ni Stephen si Mandy nang palabas na sila mula sa kinainang restaurant na katapat lamang ng pinapasukang opisina ng lalaki. Kandahaba naman ang mga leeg ng mga babaeng officemates nito sa kanilang dalawa. Sinusundan ng mga ito ng

tingin ang guwapong account executive at naintriga sa kasama nitong babae.

Sinadya niyang iliyad ang dibdib at itaas ang noo.

Tuwing araw ng suweldo ay marami sa mga katrabaho ni Stephen ang naghahapunan muna sa *Daffodil* bago umuwi. At dahil hindi naman nagpasabi agad si Mandy na magkikita sila roon ng kaibigan, nakakain na ito nang matanggap ang text message niya. Magkagayon pa man, hinintay pa rin siya nito at inilibre ng dinner.

At ukol naman sa reaksyon ng mga office girls sa kanilang dalawa ni Stephen, well, hindi na siya nagtataka doon. Medyo suplado kasi ang lalaki sa ibang tao. Tahimik at hindi palangiti. Pero siyempre sa kanya hindi ganoon ang trato nito.

“Kailan mo ba balak palitan itong kalampaging kotse mo?” tanong niya rito nang ipinagbukas siya ng pinto ng sasakyang ipinamana pa rito ng yumaong lolo. “Dapat dito’y itinatapon na lang sa dagat para may makapitan naman ang mga tahong at talaba!” dagdag pa niya.

Tinawanan lang ni Stephen ang suhestyon niya. “Wear your seatbelt,” paalala nito bago i-start ang kotse.

As usual, hindi siya sumusunod sa sinabi nito. Napailing na lang ang binata. Wa epek din naman kasi kung magpupumilit pa ito. Walang gustong pakinggan si Mandy. Sadyang matigas ang ulo.

“Siyanga pala, Steph,” naalala niya nang ilang minutong tumatakbo ang kotse. “Meron akong DVD ng latest movie ni Jacky Chan. Nood tayo mamaya sa bahay.”

“Hardcore action na naman? Mandy, di ka na ba nagsawa diyan? You should also try watching the movie version of Tom Clancy and John Grisham’s novels. May mga action scenes din sa mga kuwento nila but not just to delight your eyes. Gagana pa tiyak ang utak mo sa takbo ng mga pangyayari.”

Napahalukipkip siya sabay simangot. ‘Oo’ at ‘hindi’ lamang ang hinihintay niyang sagot nito. “Stephen, nanonood ako ng mga pelikula para mag-relax at malibang, at hindi para mag-isip kung sinong hinayupak ang nagtatraydor sa White House!”

Nagkibit-balikat na lamang ang binata.

Palagi silang ganoon. Laging pinagbibigyan ni Stephen ang kinakapatid, laging nagpapasensya.

They have been close since they were young. Lumaki sila sa iisang village at magkaibigan ang mga

ama nila.

Lalong naging malapit si Mandy kay Stephen nang mamatay ang kanyang ama na dating kapitan ng isang cargo ship. Inatake ito sa puso sa gitna ng karagatan. Since then, itinuturing na siya ni Stephen bilang isang kid sister. And she was enjoying that kind of treatment.

Dahil sa pagod at kabusugan ay nakaramdam ng antok si Mandy. Naunsiyami ang kanyang paghihikab nang may pumukaw sa paningin niya mula sa labas ng kotse.

“Ano’ng tinatanaw mo diyan?” sita sa kanya ni Stephen.

Ibinalik niya sa harap ng kotse ang mga mata. “Wala,” sagot niya sa kaibigan. Nahilot niya ang leeg, naipitan yata iyon ng ugat sa biglang paglingon niya sa magandang tanawing nadaanan.

Masayang ngiti ni Mandy ang sumalubong kay Stephen isang gabing dumalaw ito sa kanilang bahay.

“May trabaho ako!” masayang balita niya rito.

Inilapag nito ang isang malaking bucket ng fried chicken wings sa mesita at tumabi ng upo sa kanyang

Mommy Dolores na nanonood ng telenovela. “Ano raw ho ang napasukang trabaho nitong anak n’yo, Ninang?” nakangiti nitong tanong sa kanyang ina.

“Customer assistant daw sa *Prime Videos*,” sagot ng kanyang ina.

“Suits you well!” baling sa kanya ni Stephen. “Makakapiling mo na niyan araw-araw ang mga pelikula ng mga paborito mong action stars.”

Umupo siya pasalampak sa sahig at inumpisahan nang kainin ang isang pakpak ng manok. “Yup,” aniya habang ngumunguya. “And I owe it all to Matt Damon!”

Kumunot ang noo ni Stephen. “Matt Damon?”

Tumigil muna sa pagnguya si Mandy. “Remember noong galing tayo ng *Daffodil*? Tinanong mo ako kung ano’ng tinitanaw ko sa labas ng kotse mo, di ba?”

“O, ngayon?”

“Actually, naakit ako sa isang movie poster sa labas ng *Prime Videos*. Binalikan ko iyon kinabukasan. Akalain ko bang si Matt Damon pala iyon! At alam mo ba, meron ding kakapaskil lang na ad agad kasi immediate hiring sila ng crew member. And so I owe it all to Matt Damon!”

Napangisi si Stephen. “Mukhang may karibal na sina Jacky Chan at Jet Li sa puso mo, ah!”

Nagmistula naman siyang high school girl na kinikilig. “Ni-rent ko iyong *Bourne Identity* kanina. Ang galing niya pala sa bakbakan. At wow, ang guwapo-guwapo niya!” Naalala ni Mandy ang ibang pelikula nito noon na hindi niya pinapanood. Action movies lang kasi ang type niyang panoorin.

Sabay na napahagigik ang mag-ninang. Ngayon lang kasi nakita ng mga ito na humanga si Mandy sa isang lalaki. Iyon nga lang, isa iyong *Hollywood* star.

“Pero mas guwapo naman si Stephen doon,” ani Mommy Dolores sabay dampot ng isang chicken wing sa bucket. “Saka parang hindi naman katangkaran iyang Matt Damon na iyan. Mukha pang totoy!”

“Talaga lang, ha? Eh, kung totoo ngang guwapo iyang inaanak n’yo, ba’t wala pa siyang girlfriend hanggang ngayon?” ganti ni Mandy sa panlalait ng ina sa kanyang bagong idolo.

Agad namang napalis ang ngiti ni Stephen. Pinandilatan ni Dolores ang taklesang anak.

“O, di natahimik kayo!” parang nagwaging sabi ni Mandy. Dinampot niya ang remote control ng TV. Tapos na ang pinapanood na telenovela ng kanyang

mommy. Oras na ng *Amazing Race* ng AXN.

Mayamaya ay nagpaalam na si Stephen. Agad umarangkada ang bibig ni Dolores nang makalabas sa pintuan ang lalaki. “Sobra ka na talaga, Amanda!” asik nito sa unica hija.

“Mommy,” awat ni Mandy rito. “Paki-postpone n’yo muna ‘yang sermon n’yo’t kasarapan na ng karera!”

Ngunit ayaw nitong paawat. “Sana lang ay hindi dumating ang araw na magising sa katotohanan si Stephen na hindi lang ikaw ang puwede niyang maging kaibigan sa mundo.”

Nakapagkit pa rin ang mga mata ni Mandy sa TV. “Marami naman siyang ibang friends, ah. Nagkataon lang na ako ang nakatira malapit sa kanya.”

“Ah, ganoon? O sige, dalangin ko na lang na sana’y makahanap na ng babaeng pakakasalan ang mabait kong inaanak at nang makawala na siya sa piling ng mahadera kong anak!”

Tumawa si Mandy. “Kailangan n’yong magrosaryo ng forty days, Mommy! O kaya, magpamisa na lang kayo para siguradong tumalab iyon sa torpeng inaanak ninyo!”

Naalala niya tuloy si Dianne na first love ni Stephen. Dahil sa taglay na katorpehan ng kanyang kaibigan, naunahan ito ng lalaking mismong gagamitin sana nitong tulay sa panliligaw sa babae.

“Well, let’s say he hasn’t found true love yet. Tingnan na lang natin oras na matagpuan niya ito,” animo paghahamon ng kanyang ina.

“Saan naman kayang lupalop iyon? Maybe if he will go to Tahiti or something!”

“True love comes when you least expect it.”

Ngunit hindi talaga siya naniniwala sa romansa. “Is that so, Mrs. Shakespeare?”

“Asus, ang lakas ng loob mong kantiyawan ang kaibigan mo. Bakit may nanliligaw ba sa ‘yo?’”

Inalis niya ang paningin sa TV at tumingin sa ina. “Meron namang nagkakagusto sa akin, ah,” depensa niya. At totoo naman iyon. Sina Ramon na bad breath, si Caloy na tambay at si Ferdinand na hikain. *Gosh, puro mga rejects!* “Ayaw ko lang talaga’ng magpaligaw sa kanila!”

Wala pa yatang matino-tinong lalaki ang naghayag ng pagkagusto sa kanya. Kaya nga lahat ng nagpalipad-hangin sa kanya ay dinanan niya sa

sindakan upang hindi na sila umabot pa sa puntong panliligaw.

At kahit na ibinalik na ni Mandy ang mga mata sa TV, batid na niyang lihim siyang kinakantiyawan ng kanyang ina. Umismid siya. “Makikita n’yo rin, Mommy. May mai-in love din nang todo-todo sa akin. Kamukha pa ni Matt Damon at de-kotse!” Ewan niya kung bakit niya nasabi iyon. Ayaw lang niya sigurong magpatalo sa kahit na anumang diskusyon. Kahit pa sa mismong mommy niya.

Naputol ang papahaba pa sanang usapan nang may kumatok sa pinto ng bahay.

“Ninang!”

Agad napangiti si Mandy nang marinig ang boses na iyon mula sa pinto.

Hindi rin nakatiis. Bumalik si Walkout King! aniya sa isip.

Ngunit hindi nag-iisa si Stephen nang pagbuksan niya ng pinto.

“Ninang, natanaw ko ho siya sa may labasan!” anang binata.

“G-good evening, Tita, Mandy,” kimi ang ngiting bati ng isang dalagang matanda nang kaunti sa

kanya. She wore a shoulder-length hair na bumagay sa heart-shaped nitong mukha. Makipot ang mga labi nito, katamtaman ang tangos ng ilog. Nagtataglay din ito ng magagandang pares ng mata. At sa height ni Stephen na 5'8", halos magkasintaas na ang dalawa.

“Carla!” nakangiting bulalas ni Dolores sabay tayo mula sa sofa. Sinalubong nito ang bagong dating. “Naku, hija, kahapon pa kita hinihintay. Halika, tuloy!”

Inakay ni Stephen ang pinsan niya papasok sa bahay. Bitbit ng lalaki ang isang malaking traveling bag. Isang berdeng backpack naman ang nakasukbit sa likod ni Carla.

Napukaw ang tingin ni Mandy ng isang kakaibang ngiting nakasilay sa mga labi ng kaibigan habang nakatitig sa kanyang pinsan.

2

“Titira siya dito, Mommy?” usisa ni Mandy sa ina nang mapagsolo sila sa silid nito. Nagpapahinga na si Carla sa kanilang guest room nang mga sandaling iyon.

“Oo,” sagot nito habang maingat na ibinabalik sa hanger ang naplantsang uniporme nito sa pagtuturo sa isang pampublikong mababang paaralan. “And don’t be too harsh on her, okay?”

Padabog siyang naupo sa kama. “Para namang isa akong kontrabida sa paborito n’yong telenovela kung magsalita kayo.” Oo’t matigas ang ulo niya pero hindi siya mapang-api ng kapwa. “Pero, Mommy, bakit hindi n’yo sinabi sa akin ang pagpunta niya dito? Nasabi na pala niya iyan sa inyo bago pa siya lumawas dito.”

“At bakit ko naman kailangan pang ipaalam sa iyo, aber?” balik-tanong nito.

“Siyempre anak n’yo ako,” dahilan niya.

“Gusto niyang maghanap ng trabaho dito. Nalay-off kasi siya sa pinapasukang opisina sa Tarlac.”

“Ako nga na taga-rito na’t lahat-lahat ay hirap makahanap ng magandang trabaho dito, siya pa na ___”

“Graduate siya ng Hotel and Restaurant Management,” putol ng kanyang ina sa sasabihin niya. “Nag-take din siya ng crash course sa baking. Tamang-tama lang siya sa bakery ng Tita Ursula ni Stephen.”

Namilog ang mga mata niya. “Ipapasok siya doon ni Stephen?”

“Oo kailangan kasi nila ng isa pang supervisor doon.”

Si Carla, magiging supervisor? Teka, nalingat lang siya kanina nang kaunti habang nagtitimpla ng juice sa kusina, di yata at malayo na pala ang narating ng pag-uusap ng tatlong iniwanan niya sa salas?

Hindi niya napigil ang maghinampo. “Bakit hindi yata nabanggit sa akin ni Stephen ang tungkol sa panaderyang iyan? Sana ipasok niya rin ako doon.”

Nangingiting tinanggal ni Dolores ang plug ng plantsa sa saksakan na nasa dingding. “Alam mo bang mag-bake?” tanong nito sa anak na lukot na lukot ang pagmumukha.

Hindi na umimik si Mandy. Kunsabagay, ano nga naman ang alam niya sa anumang uri ng pagluluto? Samantalang si Carla marunong at magaling na magluto kahit dati pa.

Ang nakakainis lang kasi, lagi siyang ikinukumpara ng ina rito. Kaya nga ayaw na ayaw niyang nagbabakasyon sa Tarlac kung saan nakatira ang pamilya ng nag-iisang kapatid ng ina, ang Uncle Bernardo niya. Kaso kapag nagpaiwan siya sa bahay, sino ang magluluto ng pagkain niya?

Pero nang matapos na siya ng pag-aaral at nakapagtrabaho na rin, bawas na ang haba ng bakasyon nilang mag-ina sa Tarlac. Tuwing Pasko at Mahal na Araw na lang sila napaparoon.

Kahit mahigpit ang kanilang family ties ay hindi naging daan iyon upang maging close siya kay Carla. Hindi kasi pareho ang kanilang mga hilig gayong two years lang naman ang tanda nito sa kanya. Mas nakaka-relate pa nga siya sa sixteen years old na kapatid nitong si Felice.

At ngayong nasa poder nilang mag-ina si Carla, mukhang manganganib na naman ang ego ni Mandy. Tiyak na walang bukambibig ang ina kundi ang magagandang katangian ni 'Miss Perfect' na dapat raw niyang tularan.

Malinis ang buong kabahayan at handa na rin ang almusal nang magising silang mag-ina kinabukasan.

Napangiti nang lihim si Mandy. Okay yata ito, ah. Baka puwede na rin niyang ibalato kay Carla pati na ang household duty niyang pagdidilig ng mga halaman.

“You don’t have to do all these, Carla. Hindi ka alila sa bahay na ito.”

Great! naisaloob ni Mandy pagkarinig sa sinabing iyon ng ina sa pinsan niya. Sinasabi na nga ba at wala pa ring kupas sa kabaitan ang kanyang mother dear!

“Naku, wala po iyon. Sanay po ako sa gawaing bahay.”

“Ano bang oras ang usapan n’yo bukas ni Stephen, Carla?” usisa ni Dolores sa pamangkin sa kalagitnaan ng pagkain.

“Mga nine a.m. ho, Tita,” sagot ni Carla.

Napaangat nang kaunti ang ulo ni Mandy. Day-off bukas ni Stephen at silang dalawa ang may usapang mag-bowling sa sports club na mina-manage ng amanita. Last week pa nila iyon binalak kaya hindi dapat maunsiyami. “Uhm, saan ang lakad n’yo?” patay-

malisyang sabad niya.

“Sasamahan daw ako ni Stephen sa bakery ng tita niya,” tugon ng pinsan.

“Buti pa, sumama ka na rin sa kanila, Amanda,” anang kanyang mommy, matamang nakatingin sa kanya. “Tatal naman ay sa isang araw pa ang first day mo sa trabaho. Ipasyal n’yo na rin si Carla pagkatapos.”

“Sige!” kunwa ay excited niyang sang-ayon. Sa loob-loob ay nabubuwisit siya kay Stephen dahil hindi nito sinabi sa kanya ang pagbabago ng itinerary nila bukas.

Lihim din siyang naiinggit kay Carla. Imagine, kararating lang nito pagkatapos ay magkakatrabaho na ito agad? At supervisor pa?

Pero maano ba, pangkakalma niya sa sarili. Hindi pa naman sigurado kung matatanggap nga sa bakery si Carla. And so what kung matanggap man ito? Panaderya lang naman iyon. Magluluto lang ito ng mga tinapay. Ang init yata ng pugon!

Ngunit mali ang hinuha ni Mandy. Ang *Dynasty* ay hindi lang isang pipitsuging panaderya. Ang right

term para doon ay bakeshop. At isa rin iyong snack house. At hindi lamang mga espesyal na tinapay ang ginagawa roon. Mayroon din silang cakes and pastries.

At hindi mismo magluluto si Carla kundi aalalay lang sa mga bakers. Pinababalik na ito for final interview. At kung makakapasa ito roon, mag-uumpisa ito agad sa one-month probation period na pinaka-training na rin nito.

Pag-alis nila sa *Dynasty* ay sa mall sila tumuloy. Naglibut-libot sila sa loob niyon. At matapos makapag-lunch sa food court ay nanood sila ng pelikula na tinulugan lang niya dahil hindi niya tipo.

“Ay, ang cute naman nito!” natutuwang sabi ni Carla at kinarga nito ang isang pusang sumalubong sa kanila sa may pintuan.

“That’s Lucky. Pero ‘Muning’ ang tawag diyan ni Mandy,” ani Stephen na nagpahuli sa pagpasok sa loob ng bahay.

Hindi man lang sinulyapan ni Mandy ang pusang inakala niyang lumayas na nang tuluyan. Nagbalik-bahay na pala ito. Nagsawa na rin siguro sa buhay-istokwa.

“Siamese cat ito, ah.”

“May alam ka pala sa breeds ng pusa,” tila namuse na sabi ni Stephen.

“Natural!” singit ni Mandy na umupo sa sahig pagkatapos buksan ang TV. “Veterinarian ang tatay niya, eh.”

Carla loved pets. Isa pang kaibahan nila.

“Hayan, Lucky,” ani Stephen sa pusa na kampanheng nakahiga sa kandungan ni Carla habang nakaupo ito sa sofa. “Mukhang may bago nang mag-aalaga sa ‘yo dito.’”

Sa loob-loob ni Mandy, *Sumagot sana ang pusang iyan. Tingnan ko lang kung hindi ka magtatakbo pauwi sa bahay n’yo!*

Ewan niya kung kanino nahingi ng mommy niya ang pusang iyon na bininyagan pang ‘Lucky’ gayong wala naman itong dinulot kahit katiting na suwerte sa buhay niya.

Nilakasan niya ang volume ng TV. Patuloy pa rin sa pag-uusap ang dalawa, parang hindi na pansin ang presensya niya.

“Hindi naman ako magtatagal dito, Stephen,” naringgan niyang pagtatapat ni Carla. “Bubukod din naman ako pag may ipon na.”

Hindi nalingid kay Mandy ang facial expression ni Stephen nang lingunin niya ang mga ito. Biglang nalungkot ang mukha ng kaibigan niya.

Ano ngayon kung aalis sa poder nila ang pinsan niya? Bakit ganoon na lang ang pagkulimlim ng mukha ni Stephen?

“Don’t worry, Carla. Puwede mo namang isama ang pusang ‘yan sa pag-alis mo,” sincere na sabi niya. *And good riddance to both of you*, gusto niyang idagdag.

Eight a.m. to four p.m. ang shift ni Mandy sa unang pasok sa trabaho. Sumulyap muna siya sa poster ni Matt Damon bago tuluyang pumaloob sa *Prime Videos*. Humingi agad siya ng paumanhin sa OIC sa shift na iyon. Late kasi siya ng ten minutes.

Natahimik naman ang lalaking may katabaan at naglalaro sa trenta ang edad. ‘Mark’ ang nakatatak sa name tag nito.

Napa-‘Uh-oh’ si Mandy sa isip. Mukhang hindi yata tumalab ang kanyang palusot. Pero totoo namang na-traffic siya, ah! “A-ahm, Sir, promise, di na mauulit. Mamatay man ngayon ang pusa namin!”

Ngumiti ang OIC. “It’s okay. Puwede mo nang bawiin ang kamatayan ng pusa n’yo.”

Nakahinga siya ng maluwag. Hindi dahil sa hindi na muna matitigok si Lucky kundi dahil mukhang mabait ang bago niyang boss. Halos lahat kasi ng naging immediate superiors niya ay saksakan ng yabang at sungit.

Pagkabigay sa kanya ng kanyang name tag ay inilibot siya ni Mark sa two-storey video shop na nagbebenta at nagpapa-rent ng mga VHS, VCD at DVD, binigyan na rin siya nito ng final briefing.

Nakilala na rin ni Mandy ang mga iba pang crew ng *Prime Videos*. Mukhang friendly naman silang lahat at kuwela pang kausap. Palihim pa siyang binigyan ng warning ng mga ito sa kanilang isa pang OIC na si Fiona. Masungit daw ito.

Sa main office kasi niya ipinasa ang application kaya ngayon pa lang niya makakaharap ang kanyang bagong mga immediate superiors sa branch na ito ng *Prime Videos*.

“Get off me.” Pinilit niyang huwag sumigaw. Baka kasi makatawag-pansin pa ang kalagayan niya ngayon ng iba pang tao sa loob ng *Prime Videos*.

Nakakahiya!

May lalaking nakapaibabaw sa kanya. At magkadikit pa mandin ang mga mukha nila. Hindi lang iyon, nakahawak pa ang isang kamay nito sa dibdib niya!

Mabilis ngunit maingat na bumangon ang lalaki. “Naku, sorry. H-hindi ko sinasadya!” sabi nito at akmang tutulungan siyang makatayo.

“Bitiwan mo ako!” mahina ngunit gigil niyang singhal sabay waksi sa kamay nitong nakaalalay sa braso niya. Tumayo siya at inaayos ang sarili.

Nagulat siya nang magkaharap na sila ng lalaki. Hanggang dibdib lang siya halos nito!

Kapre? Kapreng tirik ang buhok?

At nakasuot din ng red polo shirt na siyang uniform ng crew ng video shop.

“Sorry talaga,” anito. “Nadulas kasi ako nang pababa na ako sa hagdanan.”

At nadaganan mo lang naman ako! gusto niyang isigaw sa pagmumukha nito ngunit nagpakahinahon siya. Si Fiona kasi ang in-charge sa duty niya ngayong two to ten p.m. Mahirap nang masabon nito. One week pa lang siya sa trabaho para makipag-away sa

boss. At hindi pa siya sumusuweldo para masisante kaagad.

“Mandy,” anang lalaki na nakatingin sa name tag niya. “Wala bang masakit sa ‘yo? Baka kasi napilayan ka.”

“Aayos lang ako!” mabilis niyang tugon at tumalikod sa lalaki na ‘Zach’ ang nakatatak sa name tag.

Itinuloy niya ang nausyaming pag-akyat ng hagdanan patungong second floor. Nasalubong niya roon si Weena, ang workmate niyang unang nakapalagayan ng kanyang loob.

“Nagkakakilala na kayo?” tanong nito sa kanya sabay nguso sa ibaba ng hagdanan.

“Nino?” painosenteng balik-tanong niya.

“Ni Zach.”

“Zach?” Lumingon siya pababa ngunit naglaho na ang kapre.

“Mismo! Iyong matangkad at guwapo!”

Napaismid siya. “Matangkad, oo. Pero guwapo? Ewan!” *Hmph! May guwapo bang kapre?*

“May diperensya ba’ng paningin mo? Smile pa

nga lang niya ay pasok na sa finals, ‘no! At nakita mo ba iyong hairstyle niya? Ang cool, di ba?’”

“Para siyang nagulat. Parang nakakita ng aparisyon ng tikbalang sa tanghaling tapat.”

Hindi naman nito pinansin ang panlalait niya sa lalaki. “Bagong pasok lang siya dito. First shift ang duty niya.”

Hindi na niya pinakinggan pa ang mga pinagsasabi ni Weena. Kinuha na ni Mandy ang panlinis ng glasswall saka kumuha ng tubig sa CR.

Ang kamalasan niya ay nasundan pa sa pag-uwi niya sa kanilang bahay.

Hapong-hapong ibinagsak niya ang katawan sa sofa. Masakit ang balakang niya at likod, pati na ang kasu-kasuan niya. Susme, naglinis ba naman siya ng sandamukal na salamin at bago pa iyon ay may isang kapreng nag-dive at disgrasyang nadaganaan siya!

Alas diez y media na ng gabi. One hour nang tapos ang paborito niyang series sa *AXN*. And that made her felt worse.

Halos hindi na niya napansin ang paglabas ng kanyang ina mula sa kuwarto nito. “O, Anak, nandiyan ka na pala,” bati nito. “Si Carla, dumating

na rin ba?”

“Wala pa ba siya?” Ang alam niya ay day-shift ang duty ng pinsan ngayon sa *Dynasty*.

Naglakad ito patungong kusina. “Lumabas sila ni Stephen bago mag-dinner. Manonood yata ng sine.”

Bigla siyang napabangon. Mabilis niyang sinundan ang boses dahil nasa loob na ng banyo ang tinanong niya.

“Pelikula ni Gwyneth... ah, nakalimutan ko’ng apelyido,” malakas ding sagot nito.

“Ah, Gwyneth Paltrow,” palatak niya habang naghahanap ng makakain sa refrigerator. Napangiwi siya. “Love story ang panonoorin nila. Baduy!” Inilabas niya ang sundae mula sa freezer.

Nakangiting lumabas ng banyo ang mommy niya. “Kaya siguro hindi ka nila hinintay. Ayaw mo naman pala ang panonoorin nila.”

Malalaki ang mga subo niya. Inuna niyang kinain ang mga strawberries sa toppings ng sundae.

“Hindi ka ba nag-dinner, Amanda?” sita ng ina; nagtataka marahil dahil parang hayok na hayok siya sa pagkain.

“Kumain na ako, Mommy,” sagot niya na sinundan ng paglunok. Hindi mahuhulaan ninuman na masama ang loob niya.

Eleven p.m. na nang makarinig si Mandy ng paghinto ng isang sasakyan sa tapat ng kanilang gate. At sa tunog ng makina niyon, sigurado siyang ang kalampaging kotse iyon ni Stephen.

Hindi siya tumayo para buksan ang pinto. Busy siya. At nagko-concentrate sa ginagawa. Isa pa, may duplicate key naman si Carla.

“H-hi!” bati sa kanya ng pinsan pagkapasok.

Hindi niya ito nilingon, tutok na tutok ang kanyang mga mata sa TV screen at panay ang pindot sa hawak na joystick.

“Ipinabibigay nga pala ni Stephen,” anito. May inilapag ito sa tabi niya. Saglit niya iyon sinulyapan. Isang malaking kahon ng *Toblerone*.

Dahil sa kinaing sundae kanina ay hindi na siya natakam sa pinakapaboritong brand ng chocolate. Tumango lang siya rito.

Pagkapasok ng pinsan sa kuwarto nito, pinag-igi niya ang paglalaro ng *PlayStation*. Nag-paid-off

naman ang effort niya dahil nakasampa siya sa stage na hindi niya dating nararating sa game na iyon.

Narinig niya ang tunog ng message alert tone ng kanyang cell phone sa kuwarto. Hindi niya iyon pinansin.

“This is more important!” bulong niya sa sarili. “I’m saving the whole world against the scums of the universe!”

Nang biglang nagdilim ang buong paligid. Umalingawngaw sa kabahayan ang tili ni Mandy. Pinagmumura niya ang *MERALCO*.

3

In-anticipate na ni Mandy ang pagbagsak sa lupa ngunit bago iyon mangyari, nagmamadaling sinaklolohan siya ni Zach.

“Balak mo talaga akong patayin, ano?” pagtatalak ng dalaga sa lalaking ewan niya kung saan-saan tumitingin at bigla na itinulak palabas ang pintuan ng *Prime Videos*. Papasok pa naman sana siya sa loob. Ang siste, bumangga sa kanya ang glassdoor. Mabuti na lang at nakaiwas siya kundi nabasag sana ang ilong niya. At siguradong babasagin niya rin ang mukha ng kapreng ito kung nagtaon!

“A-are you hurt?” nag-aalalang tanong nito.

“Mag-disappear ka nga sa harapan ko, puwede?” asik niya. Bahagya pa niya itong tinulak sa dibdib saka pumasok sa loob ng shop.

Nadoble ang pagkabuwisit niya nang sitahin siya ni Fiona. Late kasi siya ng fifteen minutes. Nagtimi na lang siya at sa loob-loob ay pinaglalait ang masungit na babae.

Matapos mag-time in ay gigil siyang pumanhik sa second floor.

“O, ano ba’ng nangyari sa iyo’t mukhang kagalit mo yata ang buong mundo?” salubong sa kanya ni Weena. Nagma-mop ito ng sahig.

“Iyong aanga-angang bagong pasok dito, binangga ba naman ako ng pinto! Buti na lang at hindi ako tinamaan sa mukha, pero muntik akong bumagsak sa semento!”

“Si Zach?”

“Wala nang iba.”

Bigla itong napangiti nang maluwag at pagkatamis-tamis.

Nagbuga ng hangin si Mandy. Kahit hindi siya lumilingon sa kanyang likuran ay alam na niya kung para kanino ang ngiting iyon ni Weena.

Mula nang dumating sa *Prime Videos* ang ‘kapre’ four days ago ay nabulabog na ang mga babaeng staff. Kilig na kilig ang mga ito at gustong-gustong kinakausap ito.

“Mandy,” tawag ni Zach.

“Bakit?” sita niyang hindi lumilingon.

“Sorry talaga kanina. Kinakausap kasi ako ni Janine kaya hindi ko napansing papasok ka sa pinto.”

Ang tinutukoy nitong Janine ang siyang pinakabatang crew sa branch na iyon. Eighteen years old lang ito. Ito rin ang pinaka-vocal sa pagkakagusto kay Zach.

Humarap si Mandy sa lalaki. “Masyado ba akong maliit sa paningin mo kaya dalawang beses mo na akong nadidigrasya?” buong-katarayang tanong niya rito.

“Hindi naman sa ganoon, Mandy.”

“Stay away from me!” banta niya. “Baka sa susunod ay maapakan mo na pati bumbunan ko!”

Napahiyang lumayo ang lalaki sa kanya.

“Oy, grabe ka naman, Mandy,” ani Weena.

“Nakakabuwisit siya, eh.”

“Pero tama ba’ng marinig ko? Two times ka niya ‘ika mong nadisgrasya? Ano’ng nangyari sa inyo noong una?”

Awtomatikong nag-flashback sa isip niya ang pagkadagan sa kanya ni Zach. Mabuti pala at wala sa mga crew ang nakasaksi sa kahiya-hiyang moment na iyon.

Naghihintay ng kasagutan si Weena. “Mandy...”

“N-nakabunguan kami habang pababa ng hagdanan. Tumilapon ako sa sahig,” pagsisinungaling niya.

Tinakpan ni Mandy ang mga tainga. Dinig na dinig kasi hanggang sa kuwarto niya ang birit ni Stephen ng version nito ng awiting ‘*To Love Somebody*’.

“Marinig ka sana ni Michael Bolton at nang idemanda ka niya sa pangbababoy mo sa kantang iyan!” gigil niyang sabi. Ngunit paano kaya siya maririnig si Stephen gayung siyang-siya ito dahil ngayon lang yata ito nakahawak ng microphone sa tanang-buhay nito?

Oo nga naman pala! Kailan ba niya narinig na kumanta sa videoke si Stephen? Alam nilang bosepalaka ito. Nagtataka nga siya ngayon at ito pa mismo ang nagyayang mag-videoke sila sa bahay.

Ngunit wala siyang ganang makipagkantahan ngayong gabi for two reasons: una, hindi kagandahan ang kanyang bose. Pangalawa, gusto niyang matulog nang maaga para hindi na mahuli sa pagpasok sa trabaho. First shift kasi ang duty niya bukas.

Sa wakas ay natapos din ang kanta ni Stephen. Hinintay ni Mandy ang ulan. Ngunit wala ni ambon na

dumating. Sunod na kumanta ang kanyang mommy.

Umayos siya ng higa at pilit ginagawang lullaby ang ala Barbara Streisand na boses ng kanyang ina na ewan kung bakit hindi niya namana.

Ipinagdasal niyang sana ay malatin na si Stephen at nang hindi na makabulahaw. Then, it was Carla's turn.

As expected, napakaganda at malamyos ang boses ng kanyang pinsan. Pagkatapos ng pagkanta nito, usapan na ng tatlo ang narinig ni Mandy.

“Talented ka pala,” komento ni Stephen.

“Ah, oo!” Si Dolores. “At marunong din sumayaw ang pamangkin kong 'yan, unlike Amanda na parehong kaliwa ang paa!” Sunod na narinig ni Mandy ang sabay na pagtawa ni Stephen at ng kanyang mommy.

Napabalikwas siya ng bangon. Pinagtatawanan ba siya ng mga ito?

“Ikaw ba'ng gumawa nito?” Narinig niya muli ang tinig ni Stephen. “Masarap, ah.”

Iyon siguro ang black forest cake na ginawa ni Carla, naisip agad ni Mandy.

Humirit ulit ang mommy niya. “Kahit anong uri ng pagkain ay alam lutuin ng batang ‘yan. Ang anak ko, pagpapakulo lang ng tubig ang alam.”

“Madalas pang sunog!” segunda ni Stephen. Nagtawanan ulit ang mag-ninang. Nanggigil na si Mandy.

Pinagtatawanan nga siya! At ang masama pa, parang ginagawa pa siyang laughing stock ng sarili niyang ina!

Palihim niya kayang i-off ang main switch ng kuryente?

Kumanta uli si Carla. Pumailanlang ang recondition nito ng awitin ang Christina Aquilera na *Reflection*.

Tinungo ni Mandy ang pintuan ng kanyang silid at marahang iniawang iyon. Sumilip siya sa sala.

She caught Stephen’s gaze which was glued to the girl singing beside him. Halos hindi na yata kumukurap ang mga mata nito. A wide smile was pasted on his lips as if he was savoring each word from that song.

Humigpit ang hawak niya sa doorknob.

Minsan nang nagkita sina Stephen at Carla,

more than a decade ago, sa burol ng ama niya rito sa bahay nila.

She was ten years old that time, Stephen was fifteen. At natatandaan pa niya noon, ni hindi sinusulyapan ng lalaki ang pinsan niya. Palaging siya ang sentro ng atensyon nito... ang palaging kasama. Ang laging kausap.

But now, right under her nose, may pakiramdam siyang unti-unting nang naglalaho ang isang bagay na pagmamay-ari lamang niya dati.

Pagkagaling sa trabaho ay sa *Daffodil* nagtungo si Mandy nang hapong iyon. May isang oras din siyang naghintay roon bago siya sinipot ni Stephen. Siya ang nag-text dito para magkita sila.

“Gutom ka na ba?” bungad nito sa kanya.

Umiling siya. Umupo ito sa harapan niya, bahagyang inililinis ang magkabilang manggas ng suot nitong asul na long-sleeved polo.

“Stephen...” She did not know why she was feeling so lonely.

“Yes?”

“Nood tayo ng sine.”

“Ngayon na ba?” Tumango siya. “What movie?”

“Iyong bagong pelikula ni Keanu Reeves.” Nakalimutan na niya ang title, pero napanood niya ang trailer niyon kanina sa TV sa *Prime Videos*.

“Ah, oo! Actually, gusto ring panoorin ni Carla ang pelikulang iyon. We were just talking about it last night.”

Natigilan siya sa biglang pagkasingit ng pangalan ng pinsan sa conversation.

“Ganito na lang, Mandy... sa isang araw kasi namin iyon papanoorin ni Carla. Sabay-sabay na lang tayo. What do you think?”

“O-okay,” sang-ayon niya, ngunit sa kalooban niya ay may matinding protesta. Sa totoo lang ay puwede naman niyang kulitin si Stephen na ngayon na nila panoorin ang movie na iyon. Nang silang dalawa lang. Alam niya, papayag ang binata. Sisimangot lang siya, natataranta na ito. Pero hindi niya nagawa.

“Ayaw mo ba talagang kumain?”

“Busog pa kasi ako,” dahilan niya, kahit medyo gutom na siya. Hindi kasi siya gaanong nakakain ng

lunch kanina. Parang wala siyang gana.

“May bago ka bang DVD?” tanong ni Stephen. Hindi yata nito napansin ang pananamlay niya.

“Wala. Wala kasi akong magustuhan sa mga latest releases sa *Prime Videos*.”

“Meron ba kayo ng ‘A Walk In The Clouds?’”

“A Walk In The Clouds?” She haven’t heard of it. Siguradong hindi iyon action movie.

“It was a movie in the nineties. Bida doon si Keanu Reeves. Gusto kasi iyong panoorin ni Carla, pero hindi ko mahanap-hanap sa mga *Prime Videos* stores.”

Carla, again! Strike two.

“Maybe we could check it out in *Prime Videos* bago tayo umuwi,” panukala ni Stephen.

“I-ikaw na lang.” Tumingin siya sa relo. “Nakalimutan ko, may uniform pa pala akong lalabhan. Kailangan ko nang umuwi. M-mauuna na ako sa ‘yo, Steph.” Tumayo na siya.

Tumayo rin ang kaibigan. “Okay, uuwi na rin ako. Sumabay ka na sa akin.”

“Pero paano ang—”

“Pakitingnan mo na lang iyon sa *Prime Videos* bukas.”

Umoo siya; walang imik na sumakay ng kotse nito.

“Daanan na rin natin si Carla para sabay-sabay na tayong makauwi,” anang lalaki habang ini-start ang makina ng sasakyan.

Strike three. Pinilit ni Mandy ang huwag tuluyang mapasimangot. Ayaw niyang isipin ng katabi na apektado siya sa presence ni Carla sa pagitan nilang dalawa.

Nilakasan niya ang volume ng car stereo.